



Ano na ang mangyayari?

Mga unang hakbang sa coronial na proseso

Ang maikling polyetong ito ay nagpapaliwanag sa mga bagay na kailangan mong malaman kaagad pagkatapos maiulat sa coroner ang kamatayan ng isang mahal sa buhay. Kabilang dito ang tulong na makukuha mo at kung ano ang gagawin ng coroner sa mga unang yugto ng coronial na proseso.

Tulong sa panahong napakahirap

Ang mga kawani mula sa Coroners Court of Victoria (ang Korte) at Coronial Admissions and Enquiries (CA&E) ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at mga masasangguni para sa mga serbisyo na maaaring makatulong sa iyong kalungkutan at kawalan. Ang pahina sa likod ng polyetong ito ay may listahan ng makakatulong na mga numero ng ugnayan para sa mga suportang serbisyo na maaaring maging kapaki-pakinabang sa ganitong napakahirap na panahon.

Ang tungkulin ng coroner

Dapat alamin ng coroner, hangga't maaari:

- 1) ang pagkakakilanlan ng taong namatay
- 2) ang dahilan ng kanyang pagkamatay
- 3) sa ilang mga kaso, ang mga pangyayari na pumapalibot sa pagkamatay.

Hindi nila iniimbestigahan ang lahat ng pagkamatay, kundi ang mga pagkamatay na maiuulat lamang. Kabilang sa maiuulat na pagkamatay ang:

- mga pagkamatay na hindi inaasahan, hindi natural o marahas, o sanhi ng isang aksidente o pinsala
- mga pagkamatay na nangyari nang hindi inaasahan habang o pagkatapos ng isang kapamaraan sa paggamot (medical procedure)
- mga pagkamatay na nangyari habang ang taong namatay ay nasa kustodiya o pangangalaga
- kapag hindi magawang lagdaan ng doktor ang sertipiko ng kamatayan
- kapag ang tao ay hindi makilala.

Unang ugnayan

Ang mga kawani ng CA&E ay makikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga unang hakbang ng coronial na proseso.

Ang CA&E ay 24 na oras na serbisyo na ipinagkakaloob ng Victorian Institute of Forensic Medicine sa buong estado.

Ang tungkulin ng CA&E ay upang:

Ano na ang mangyayari?



Coroners Court
of Victoria

- tumanggap ng mga ulat ng mga pagkamatay
- dalhin ang katawan ng isang tao sa pangangalaga ng CA&E
- ikoordina ang pagkikilala sa taong namatay
- ikoordina ang medikal na pagsisiyasat sa pagkamatay para sa coroner
- ipalabas ang katawan ng tao para sa pagpapalibing.

Pagkatanggap sa pangangalaga

Sa karamihan ng mga kaso, kung ang iyong mahal sa buhay ay namatay sa Melbourne, siya ay ilalagay sa pangangalaga ng CA&E sa Coronial Services Center, 65 Kavanagh Street, Southbank. Kung ang iyong mahal sa buhay ay namatay sa rehiyonal na Victoria, ang mga kawani ng CA&E ay makikipag-ugnayan sa iyo at sasabihin sa iyo kung saang lugar siya naroroon.

Ang mga kawani ng CA&E ay tutulong kung nais mong makita o makapiling ang iyong mahal sa buhay at kakausapin ka kung sino ang magiging nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak. Anumang komunikasyon tungkol sa mga coronial na imbestigasyon ay ihahatid sa pamamagitan ng taong iyon o sa kaniyang napiling kinatawan.

Nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak

Ang nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak ay kadalasang ang asawa o kinakasama ng taong namatay. Kung ang taong namatay ay walang partner o kung ito ay hindi mahagilap, ang nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak ay (ayon sa ganitong pagkakasunud-sunod):

- ang anak na lalaki o anak na babae na nasa hustong gulang na (18 taon at mahigit)
- ang magulang
- ang kapatid na lalaki o kapatid na babae na nasa hustong gulang na (18 taon at mahigit)
- ang taong pinangalanan sa huling habilin bilang tagapagpatupad (executor)
- ang taong personal na kinatawan ng taong namatay bago ito pumanaw
- ang taong pinili ng coroner na maging nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak dahil sa kaniyang malapit na relasyon sa taong namatay bago ito pumanaw.

Pagkakakilanlan

Kailangang kumpirmahin ng coroner ang pagkakakilanlan ng taong namatay. Maaaring kasama dito ang visual o medikal at pang-agham na pamamaraan ng pagkilala.

Kung ang visual na pagkakakilanlan ay kinakailangan, maaaring hilingin sa iyo na pumunta sa Coronial Services Centre upang kilalanin ang iyong mahal sa buhay. Upang kilalanin ang isang mahal sa buhay, kailangang ikaw ay miyembro ng pamilya o isang tao na lubusang nakakakilala sa namatay sa panahon ng kaniyang pagkamatay. Itatakda para sa iyo ng mga kawani ng CA&E ang araw ng viewing sa oras ng opisina.

Ano na ang mangyayari?



Coroners Court
of Victoria

Kasama sa medikal o pang-agham na pamamaraan ng pagkilala ang paggamit ng mga dental record, fingerprinting o mga paghahambing ng DNA. Ang coroner ang magdedesisyon kung ano ang pinaka-angkop na paraan ng pagkilala at ipaaalam sa iyo ng mga kawani ng CA&E kung anong proseso ang gagamitin.

Mga medikal na pagsusuri

Ang mga medikal na pagsusuri ay isinasagawa upang matulungan ang coroner na malaman ang sanhi ng kamatayan ng isang tao. Kahit na tila malinaw naman ito, napakahalaga pa ring malaman ng coroner kung ano talaga ang nangyari.

Paunang pagsusuri

Kapag ang iyong mahal sa buhay ay nasa pangangalaga na ng CA&E, susuriin ito ng isang forensic pathologist. Ang paunang pagsusuri ay bahagyang nanghihimasok (minimally invasive) lamang. Ang mga kawani ng CA&E ay malapit na nakikipagtulungan sa forensic pathologist at masasagot ang anumang mga katanungan mo.

Ang mga kawani ng CA&E ay maaaring humingi sa iyo ng tulong upang makuha ang mga medikal na rekord ng iyong mahal sa buhay o iba pang mga impormasyon. Maaaring kailangan din nilang kausapin ka tungkol sa mga pangyayari na pumapalibot sa kamatayan. Ang pulisya ay maaari ring makipag-ugnayan sa iyo upang talakayin ang pagkamatay. Ito ay tumutulong sa coroner upang makalikom hangga't maaari ng maraming mga katotohanan tungkol sa pagkamatay.

Awtopsiya

Sa ilang mga kaso, kailangang magsagawa ang forensic pathologist ng awtopsiya. Ito ay isang medikal na pamamaraan na naglalayong alamin ang medikal na dahilan ng pagkamatay. Kung naniniwala ang coroner na kailangan ng awtopsiya, kokontakin muna ng mga kawani ng CA&E ang nakatatandang pinakamalapit na kamag-anak upang ipaliwanag ang proseso at sagutin ang anumang mga katanungan.

Kung tumututol ka sa pagsasagawa ng awtopsiya, halimbawa, dahil sa mga kadahilanang pang-relihiyon o kultural, mangyaring sabihan ang mga kawani ng CA&E upang maipaalam nila ito sa coroner. Isasaalang-alang ng coroner ang iyong mga alalahanin sa kanyang pagpapasya at kokontakin kang muli ng mga kawani ng CA&E upang ipaalam sa iyo ang desisyon ng coroner.

Personal na mga pag-aari

Kadalasan ay itinatabi ng pulisya ang mga personal na pag-aari, tulad ng mga alahas, damit at iba pang mahahalagang bagay, na natagpuan sa lugar ng kamatayan at pagkatapos ay ibibigay ang mga ito sa direktor ng punerarya. Minsan ay itinatabi ng pulisya ang ilang mga bagay para sa forensic na pagsusuri.

Ano na ang mangyayari?



Coroners Court
of Victoria

Kung hindi man, ang lahat ng mga personal na bagay ay ibibigay sa direktor ng punerarya upang maibalik sa pamilya. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga personal na pag-aari, mangyaring ipalam ito sa mga kawani ng CA&E.

Pagpapalano ng libing

Maaari mong kontakin ang direktor ng punerarya anumang oras. Ang direktor ng punerarya ay tutulong sa iyong magplano ng libing at makikipag-ugnayan sa iyo at sa mga kawani ng CA&E.

Puwedeng asikasukin ng direktor ng punerarya na mailipat ang iyong mahal sa buhay sa rehiyonal na Victoria kung kinakailangan.

Pagkuha ng sertipiko ng kamatayan

Ang coroner at direktor ng punerarya ay magbibigay ng Registry of Births, Deaths & Marriages Victoria (BDM) na may mahalagang mga impormasyon pagkaraan ng kamatayan. Ang coroner ay dapat magbigay ng mga detalye tungkol sa sanhi ng pagkamatay bago makakapag-isyu ang BDM ng kinikilalang sertipiko ng kamatayan.

Kinikilalang sertipiko ng kamatayan

Ikaw o ang iyong direktor ng punerarya ay maaaring umorder ng kinikilalang sertipiko ng kamatayan. May halagang babayaran, na maaaring isama bilang bahagi ng mga gastos sa libing. Ang BDM ay mag-iisyu ng sertipiko ng kamatayan sa tao na inilista ng direktor ng punerarya. Maaari kang direktang mag-aplay sa BDM para sa kopya ng sertipiko ng kamatayan, kung hindi ikaw ang nag-aasikaso sa pagpapalibing.

Pansamantalang sertipiko ng kamatayan

Kung hindi pa nalalaman ng coroner ang dahilan ng pagkamatay, ang BDM ay maaaring magpalabas ng pansamantalang sertipiko ng kamatayan. Gayunpaman, dahil hindi kasama sa pansamantalang sertipiko ng kamatayan ang sanhi ng pagkamatay, maaaring hindi ito tanggapin para sa lahat ng opisyal na mga layunin.

Ang mga kawani mula sa Korte at CA&E ay maaari ring magbigay sa iyo ng isang liham na nagkukumpirma ng kamatayan bilang patunay na nagkaroon ng kamatayan. Ang liham na ito ay hindi tinatanggap ng lahat ng pampinansyal o pambatas na institusyon para sa opisyal na mga layunin.

Pinakamabuting tanungin muna ang organisasyon na kausap mo kung sila ay tumatanggap ng pansamantalang sertipiko ng kamatayan o ng isang liham na nagpapatunay ng kamatayan.

Kapaki-pakinabang na mga contact

Ano na ang mangyayari?



Coroners Court
of Victoria

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga unang yugto ng coronial na imbestigasyon, maaari kang makipag-ugnay sa CA&E sa 1300 309 519 (24 na oras) o bisitahin ang website ng Korte sa www.coronerscourt.vic.gov.au.

Ang karagdagang mga suportang serbisyo na maaaring makatulong sa napakahirap na panahong ito ay nakalista sa ibaba. Ang mga numero ay matatawagan sa mga oras ng trabaho, maliban kung iba ang nakasaad.

Australian Centre for Grief and Bereavement	(03) 9265 2100
Compassionate Friends	(03) 9888 4944 (24 na oras) 1300 064 068 (24 na oras)
Donor Tissue Bank of Victoria	(03) 9684 4444
Federation of Community Legal Centres Victoria	(03) 9652 1500
Interpreter Service	13 14 50
GriefLine	1300 845 745 (12nh–3nu)
Lifeline	13 11 14 (24 na oras)
Mercy Grief Services (Western Metropolitan Region only)	(03) 9313 5700
National Relay Service TTY pandinig)	13 36 77 (para sa may kapansanan sa 1300 555 727 (magsalita at makinig)
Registry of Births, Deaths and Marriages Victoria	1300 369 367
Road Trauma Support Services	1300 367 797
Red Nose formerly SIDS and Kids	1300 308 307 (24 na oras)
State Trustees	(03) 9667 6444 1300 138 672 (mga lugar sa county)
SuicideLine Victoria	1300 651 251 (24 na oras)
Support After Suicide	(03) 9421 7640
StandBy Suicide Support (Murray Region only)	0439 173 310 (24 na oras)
Victims of Crime Helpline	1800 819 817
Victoria Legal Aid	1300 792 387

Ano na ang mangyayari?



Coroners Court
of Victoria

Victorian Aboriginal Legal Services

1800 064 865

Court Network

1800 681 614

Coroners Court of Victoria

65 Kavanagh Street

Southbank VIC 3006

T 1300 309 519 F 1300 546 989

W www.coronerscourt.vic.gov.au